

# Seksyon 1557: Mga Madalas Itanong

---

## 1. Ano ang Seksyon 1557?

Ang Seksyon 1557 ay ang probisyon laban sa diskriminasyon ng Affordable Care Act (ACA, Batas para sa Abot-kayang Pangangalaga). Ipinagbabawal ng batas ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan sa mga programa o aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa Pederal na pamahalaan, o pinapangasiwaan ng isang Ehekutibong ahensya o anumang entity na itinatag alinsunod sa Titulo I ng ACA. Nagkaroon ng bisa ang Seksyon 1557 mula nang isabatas ang ACA (Batas para sa Abot-kayang Pangangalaga).

## 2. Sa paanong paraan pinoprotektahan ng Seksyon 1557 ang mga consumer?

Dahil sa Seksyon 1557, naging labag sa batas ang pagtangi ng anumang provider ng pangangalagang pangkalusugan, na tumatanggap ng pondo mula sa Pederal na pamahalaan, na gamutin – o pakitunguhan nang hindi patas – ang isang indibidwal dahil sa kanyang lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan. Ganoon din ang mga iniaatas na kinakailangan ng Seksyon 1557 sa mga issuer ng insurance na pangkalusugan na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa pederal. Bukod pa rito, ipinagbabawal sa mga provider at insurer ng pangangalagang pangkalusugan na ibukod o pakitunguhan nang hindi maayos ang isang indibidwal dahil sa alinman sa mga ipinagbabawal na batayang ito. Nalalapat ang huling panuntunan ng Seksyon 1557 sa mga tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa Department of Health and Human Services (HHS, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao), Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at mga programang pangkalusugan na ipinapatupad ng HHS.

## 3. Ano ang pagkakaiba ng huling panuntunan ng Seksyon 1557 sa mga panuntunan sa iba pang mga ipinapatupad nang batas sa mga karapatang sibil ng Office for Civil Rights (Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil)?

Ang huling panuntunan ay naaayon sa mga kasalukuyan at matagal nang umiiral na batas sa mga karapatang sibil ng Pederal, at nagbibigay-linaw sa mga pamantayang ilalapat ng HHS sa pagpapatupad sa Seksyon 1557 ng ACA. Ayon sa mga pamantayang ito, hindi maaaring tanggihan ang pag-access ng mga indibidwal sa pangangalagang pangkalusugan o saklaw na pangkalusugan, o isailalim sila sa diskriminasyon dahil sa kanilang lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan.

Dahil ibinatay ang huling panuntunan sa mga pamilyar at matagal nang umiiral na prinsipyo sa mga karapatang sibil, isa itong mahalagang hakbang upang mawakasan ang ilegal na diskriminasyon sa mga programang pinopondohan ng pederal at mga programa ng HHS. Ang Seksyon 1557 ay ang unang Pederal na batas sa mga karapatang sibil na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa kasarian sa lahat ng programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinopondohan ng pederal. Sinasaklaw din ng huling panuntunan ang mga proteksyon laban sa diskriminasyon ng mga indibidwal na nagpatala sa isang saklaw sa pamamagitan ng Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at ilang partikular na saklaw na pangkalusugan. Nalalapat din ito sa mga sariling programang pangkalusugan ng HHS.

## 4. Ipinapatupad ba ang Seksyon 1557 sa kasalukuyan?

Nagkaroon ng bisa ang Seksyon 1557 mula nang isabatas ang ACA noong 2010. Mula noon, nagsimula nang makatanggap at magsiyasat ang Office for Civil Rights (OCR) ng mga reklamong napapailalim sa Seksyon 1557.

## 5. Kailan magkakaroon ng bisa ang huling panuntunan?

Magkakaroon ng bisa ang huling panuntunan sa loob ng 60 araw pagkatapos nitong ilathala sa Federal Register. May tatlong sitwasyon kung kailan maaaring bigyan ang mga sinasaklaw na entity ng karagdagang oras upang matugunan ang mga kinakailangan ng panuntunan: kapag nagpaskil ang mga ito ng abiso tungkol sa mga karapatan ng mga consumer at mga tagline; kapag hindi dating sinasaklaw ng Americans with Disabilities Act (Batas para sa Mga Amerikanong may Mga Kapansanan) ang mga pamantayan sa accessibility ng mga gusali; at kapag nagkaroon ng mga pagbabago sa disenyo ng saklaw na pangkalusugan.

**6. Ano ang maari kong gawin kung sa palagay ko ay nilabag ang aking mga karapatang sibil sa Seksyon 1557?**

Kung sa palagay mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon sa pangangalagang pangkalusugan o saklaw na pangkalusugan, maaari kang maghain ng reklamo ng diskriminasyon alinsunod sa Seksyon 1557. Upang maghain ng reklamo o humiling ng package para sa pagrereklamo, mangyaring bisitahin ang website ng OCR (Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil) sa [www.hhs.gov/ocr](http://www.hhs.gov/ocr) o kaya ay tumawag sa walang bayad na numero ng OCR sa (800) 368-1019 o (800) 537-7697 (TDD) upang makausap ang isang taong makakasagot sa iyong mga tanong at magagabayan ka sa proseso. Available ang mga form sa pagrereklamo ng OCR sa iba't ibang wika. Alinsunod sa Seksyon 1557, maaari ding magsampa ng kaso ang mga indibidwal.

**7. Bakit nagbibigay ang OCR ng huling panuntunan na tumutugon sa Seksyon 1557?**

Ibinibigay ng OCR ang huling panuntunan na ito upang maipalam sa mga consumer ang tungkol sa kanilang mga karapatan at matulungan ang mga sinasaklaw na entity na maunawaan ang mga legal na obligasyon ng mga ito alinsunod sa Seksyon 1557. Ibinatay ang huling panuntunan sa mga pamantayan ng apat na batas sa mga karapatang sibil ng Pederal na binanggit sa Seksyon 1557 at sa mga ipinapatupad na regulasyon ng mga ito: Pamagat VI ng Civil Rights Act (Batas sa Mga Karapatang Sibil) ng 1964, Titulo IX ng Education Amendments (Mga Pagbabago sa Edukasyon) ng 1972, Seksyon 504 ng Rehabilitation Act (Batas sa Rehabilitasyon) ng 1973 at Age Discrimination Act (Batas laban sa Diskriminasyon sa Edad) ng 1975. Bukod pa rito, ang huling panuntunan ay may mga ipinapatupad ding pagbabawal laban sa sekswal na diskriminasyon sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinopondohan ng pederal, at nagtatakda ng mga pamantayan sa Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at mga programang pangkalusugang ipinapatupad ng HHS.

**8. Saan nalalapat ang huling panuntunan?**

Ang huling panuntunan ay nalalapat sa bawat programa o aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pondo mula sa HHS, bawat programa o aktibidad na pangkalusugan na ipinapatupad ng HHS gaya ng Medicare Part D program, at Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at lahat ng iniaalok na plano ng mga issuer na kasali sa mga Marketplace na iyon. Maaaring mapabilang sa mga sinasaklaw na entity ang mga ospital, klinika, issuer ng insurance na pangkalusugan, ahensya ng Medicaid sa estado, health center sa komunidad, kasanayan ng doktor at ahensya ng pangangalangang pangkalusugan sa tahanan.

Bagama't sa HHS at sa mga programa at aktibidad na pangkalusugan lang na pinopondohan nito nalalapat ang huling panuntunan, nalalapat ang kautusan ng Seksyon 1557 sa mas maraming programa at aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa anumang departamento o ahensya ng Pederal.

**9. Nalalapat ba ang huling panuntunan sa Mga Marketplace?**

Oo, sinasaklaw ng Seksyon 1557 ang Mga Marketplace na Pinapangasiwaan ng Pederal at ang Mga Marketplace na Nakabatay sa Estado.

**10. Paano dapat ipaalam ng mga sinasaklaw na entity sa mga consumer ang tungkol sa kanilang mga karapatan?**

Inaatasan ng huling panuntunan ang lahat ng sinasaklaw na entity na magpaskil ng isang abiso tungkol sa mga karapatang sibil ng mga consumer; ang mga sinasaklaw na entity na may 15 o higit pang mga empleyado ay inaatasan ding magkaroon ng isang pamamaraan sa karaingan para sa mga karapatang sibil at isang nakatalagang empleyadong titiyak na masusunod ito. Sa bagong kinakailangan, inaatasan ang mga sinasaklaw na entity na magpaskil ng impormasyon na nagbibigay-alam sa mga consumer ng kanilang mga karapatan, at nagbibigay-alam sa mga consumer na may mga kapansanan at mga consumer na hindi bihasa sa wikang Ingles (LEP, limited English proficiency) ng kanilang karapatan na tumanggap ng tulong sa komunikasyon. Inaatasan din ang mga ito na magpaskil ng mga tagline na nakasulat sa 15 wika na pinakaginagamit ng mga indibidwal na may LEP sa mga estado kung saan tumatakbo ang mga naturang sinasaklaw na entity, na nagbibigay-alam sa mga consumer ng availability ng mga libreng serbisyo para sa tulong sa wika.

Upang mapadali para sa mga sinasaklaw na entity, gumawa ang OCR ng isang halimbawa ng abiso at isang halimbawa ng pahayag laban sa diskriminasyon na maaaring gamitin ng mga sinasaklaw na entity kung pipiliin ng mga ito; malaya ang mga sinasaklaw na entity na gumawa ng mga sarili nitong abiso o pahayag kung gugustuhin ng mga ito. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga isinaling abiso at tagline, bisitahin ang [www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557/translated-resources/index.html](http://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557/translated-resources/index.html).

**11. Ano ang iniaatas ng huling panuntunan sa mga indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles (LEP)?**

Ginagamit ng huling panuntunan ang matagal nang umiiral na prinsipyo sa mga karapatang sibil, na nagsasabing dapat gumawa ang mga sinasaklaw na entity ng mga makatuwirang hakbang upang mabigyan ng sapat na access ang bawat indibidwal na may LEP. Ang mga pamantayang isinama sa huling panuntunan ay naiaangkop at partikular sa konteksto, at isinasaalang-alang ng mga ito ang mga salik gaya ng uri at kahalagahan ng programang pangkalusugan, ang pinag-uusapang komunikasyon at ang iba pang mga nauugnay na bagay, gaya ng pagkakaroon o pagpapatupad ng entity ng isang epektibong plano sa pag-access ng wika na naaangkop sa kalagayan nito.

**12. Ano ang iniaatas ng huling panuntunan kaugnay ng mga indibidwal na may mga kapansanan?**

Ang huling panuntunan ay naaayon sa mga kasalukuyang direktiba na nagpapatupad sa mga kinakailangan alinsunod sa Americans with Disabilities Act at Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973. Ito ay nag-aatas ng epektibong komunikasyon, kasama ang pagbibigay ng mga dagdag na tulong at serbisyo; nagtatakda ng mga pamantayan para sa accessibility ng mga gusali at pasilidad; nag-aatas na maging accessible ang mga programang pangkalusugang ibinibigay sa electronic na paraan at sa pamamagitan ng information technology; at nag-aatas sa mga sinasaklaw na entity na gumawa ng mga makatuwirang pagbabago sa mga patakaran, pamamaraan at kasanayan ng mga ito upang mabigyan ang mga indibidwal na may mga kapansanan ng access sa mga programa at aktibidad na pangkalusugan ng isang sinasaklaw na entity.

**13. Anu-anong uri ng diskriminasyon ang kasama sa diskriminasyon batay sa kasarian?**

Ayon sa huling panuntunan, ang sekswal na diskriminasyon ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, diskriminasyon batay sa pagbubuntis, sekswal na pagkakakilanlan at mga stereotype ng kasarian. Mahigit 25 taon na ang nakakalipas, napagpasyahan ng Korte Suprema ng U.S. na ang diskriminasyon batay sa mga stereotypical na ideya sa kasarian ay isang sekswal na diskriminasyong lumalabag sa batas.

Kung hindi mareresolba ng huling panuntunan kung isang uri ng sekswal na diskriminasyon sa Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon ng isang indibidwal, malinaw na nakasaad sa panuntunan na susuriin ng OCR ang mga reklamo laban sa pinaghihinalaang sekswal na diskriminasyon na nauugnay sa sekswal na oryentasyon ng naturang indibidwal upang malaman kung nauugnay ang mga ito sa mga stereotype na maaaring tugunan ng 1557. Alinsunod sa patakaran, sinusupportahan ng HHS ang pagbabawal sa diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon, at patuloy nitong susubaybayan ang mga legal na hakbang kaugnay ng isyung ito.

**14. Bakit pinili ng OCR na magsama ng mga probisyong partikular na tumutugon sa patas na access sa programa batay sa kasarian sa mga programa at aktibidad na pangkalusugan?**

Ang marami sa mga probisyon ng huling panuntunan ay may mga matagal nang umiiral na prinsipyo at proteksyon para sa mga batas sa mga karapatang sibil, kaya magiging pamilyar ang mga ito sa mga entity na napapailalim sa huling panuntunan. Nagbibigay ang huling panuntunan ng karagdagang gabay sa mga aspeto kung saan maaaring hindi maging pamilyar ang paglalapat sa mga prinsipyong ito. Dahil ang Seksyon 1557 ang unang batas sa mga karapatang sibil ng Pederal na nagbabawal sa sekswal na diskriminasyon sa lahat ng programa at aktibidad sa pangangalagang pangkalusugan na pinopondohan ng pederal, makakakita sa huling panuntunan ng mga probisyong idinisenyo upang partikular na mabigyang-kaalaman ang mga consumer at sinasaklaw na entity tungkol sa sekswal na diskriminasyon sa konteksto ng pangangalagang pangkalusugan. Nagbibigay din ang OCR ng karagdagang impormasyon tungkol sa paglalapat ng mga prinsipyo laban sa diskriminasyon sa insurance na pangkalusugan at iba pang saklaw na pangkalusugan.

**15. Ano ang iniaatas ng probisyong partikular na tumutugon sa patas na access sa programa batay sa kasarian sa mga programa at aktibidad na pangkalusugan?**

Inaatasan ng huling panuntunan ang mga sinasaklaw na entity na bigyan ang mga indibidwal ng patas na access sa mga programa at aktibidad na pangkalusugan, nang walang diskriminasyon batay sa kanilang kasarian, at na pakitunguhan ang mga naturang indibidwal nang naaayon sa kanilang sekswal na pagkakakilanlan. Nalalapat ang probisyong ito sa lahat ng programa at aktibidad na pangkalusugan, kasama ang access na ipinapatupad ng mga sinasaklaw na entity sa mga pasilidad.

**16. Ano ang ipinagbabawal ng probisyon laban sa diskriminasyon sa insurance na pangkalusugan at iba pang saklaw na pangkalusugan?**

Ipinagbabawal ng huling panuntunan sa mga sinasaklaw na entity ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan kapag nagbibigay o nagpapatupad ang mga ito ng insurance na nauugnay sa kalusugan o iba pang saklaw na nauugnay sa kalusugan. Nalalapat ang pagbabawal na ito sa lahat ng issuer ng insurance na pangkalusugan na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa Pederal, na kinabibilangan ng mga premium na credit sa buwis at mga nababawas sa bahagi sa gastusin na nauugnay sa saklaw na iniaalok sa pamamagitan ng Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at mga bayad sa Medicare Part A, C at D.

Alinsunod sa huling panuntunan, hindi magagawa ng isang sinasaklaw na entity na: tanggihan, kanselahin, limitahan o tanggihan na ibigay o i-renew ang isang patakaran sa insurance na nauugnay sa kalusugan o iba pang saklaw na nauugnay sa kalusugan; tanggihan o limitahan ang saklaw ng isang paghahabol, o magpataw ng karagdagang bahagi sa gastusin o iba pang mga limitasyon o paghihigpit; o gumamit ng mga kasanayan sa marketing o benefit design (disenyo ng benepisyo) na may diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan. Hindi inaatasan ng huling panuntunan ang mga plano na saklawin ang anumang partikular na benepisyo o serbisyo, o na pagbawalan ang mga issuer na alamin kung medikal na kinakailangan ang isang partikular na serbisyong pangkalusugan, ngunit hindi maaaring magkaroon ang isang sinasaklaw na entity ng patakaran sa saklaw na tumatakbo nang may diskriminasyon.

Ipinagbabawal din ng huling panuntunan sa isang sinasaklaw na entity na tanggihan o limitahan ang isang saklaw, tanggihan o limitahan ang isang paghahabol, o magpataw ng karagdagang bahagi sa gastusin o iba pang mga limitasyon sa anumang mga serbisyong pangkalusugan na karaniwan o eksklusibong available sa mga indibidwal ng isang kasarian, batay sa kaalaman na ang kasarian sa kapanganakan, sekswal na pagkakakilanlan o naitalang kasarian ng naturang indibidwal ay naiiba sa kasarian na maaaring karaniwan o eksklusibong gumamit sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, kapag may mga sinasaklaw na medikal na naaangkop na pelvic exam ang isang plano, hindi ito maaaring tumanggi sa pagbibigay ng saklaw sa isang indibidwal na nangangailangan ng medikal na naaangkop na pelvic exam dahil isang transgender man ang naturang indibidwal o nakatala siya sa planong pangkalusugan bilang isang lalaki.

Alinsunod sa huling panuntunan, ang mga pagbubukod o limitasyon sa saklaw para sa lahat ng serbisyong pangkalusugan na nauugnay sa pagpapalit ng kasarian ay may diskriminasyon. Bukod pa rito, hindi magagawa ng isang sinasaklaw na entity na tanggihan o limitahan ang isang saklaw, tanggihan o limitahan ang isang paghahabol, o magpataw ng karagdagang bahagi sa gastusin o iba pang mga limitasyon o paghihigpit sa anumang mga partikular na serbisyong pangkalusugang nauugnay sa pagpapalit ng kasarian, kung magreresulta ang naturang pagtanggap, limitasyon o paghihigpit sa diskriminasyon laban sa isang transgender na indibidwal.

**17. Nasasaklaw ba ng huling panuntunan ang diskriminasyon sa trabaho?**

Limitado lang ang saklaw ng huling panuntunan sa diskriminasyon sa trabaho. Sa huling panuntunan, pinagbabawalan ang isang employer na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa Pederal at pangunahing nauugnay sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan o saklaw na pangkalusugan, gaya ng ospital o nursing home, na pakitunguhan nang hindi patas ang isang empleyado pagdating sa mga benepisyong pangkalusugan. Ang huling panuntunang ito ay nalalapat din sa mga benepisyong pangkalusugan ng empleyado, na iniaalok ng isang entity na hindi pangunahing nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan, kung tumatanggap ang entity na iyon ng pondo mula sa Pederal na partikular na nakalaan para sa naturang programa sa benepisyong pangkalusugan ng empleyado o isang partikular na programang pangkalusugan. Gayunpaman, sa pangalawang sitwasyon, tanging ang mga empleyado lang na nagtatrabaho sa programang pangkalusugan ang sasaklawin ng panuntunan. Walang epekto ang pangangasiwa ng huling panuntunan sa diskriminasyon sa trabaho sa Seksyon 1557 sa mga proteksyong nakasaad sa Titulo VII ng Civil Rights Act, Americans with Disabilities Act, Age Discrimination in Employment Act (Batas sa Diskriminasyon sa Edad sa Trabaho) o iba pang mga kautusan sa mga karapatang sibil na binanggit sa Seksyon 1557.

**18. Mayroon bang pagbubukod sa relihiyon ang huling panuntunan?**

Walang pagbubukod sa relihiyon ang huling panuntunan sa Seksyon 1557; gayunpaman, ang huling panuntunan ay hindi isang panghalili para sa mga kasalukuyang proteksyon para sa kalayaan sa relihiyon at moralidad.

**19. Maaari ko bang basahin ang huling regulasyon?**

Oo. Maaari kang magbasa ng kopya ng huling regulasyon sa [www.federalregister.gov](http://www.federalregister.gov).

**20. Maaari ba akong kumuha ng kopya ng regulasyon sa malaking print, Braille o iba pang alternatibong format?**

Oo. Upang makakuha ng kopya sa isang alternatibong format, mangyaring makipag-ugnayan sa Office for Civil Rights at ibigay ang mga detalye ng format. Tumawag sa aming walang bayad na numero sa (800) 368-1019 upang makaugnayan kami o sa (800) 537-7697 (TDD) upang makatanggap ng tulong.